Republic of the Philippines
Department of Education
**REGION III-CENTRAL LUZON**
**SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE CITY**

**Unified Learning Assessment Tool in**

**FILIPINO 10**

**Quarter: 3 Week : 1 – 2**

Pangalan:________________________ Nakuha:_____________

Pangkat:_________________________ Petsa:_______________

**I. Pagtataya para sa Pamantayang Pangnilalaman: (8 puntos)**

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot sa iyong sagutang papel. (8 puntos)

1. Alin sa sumusunod ang mabuting katangian ng anekdota?
   a. Tala ng buhay na pansarili o buhay na pang- iba
   b. Malikhain at masining ang akda
   c. May isang paksang tinatalakay
   d. Maraming tauhan at tagpuan

2. Nagkaanak si Liongo ng isang lalaki na nagtraydor at pumatay sa kaniya. Ang pangyayaring iyon ay nagpapahiwatig na _________.
   a. sa agawan sa kapangyarihan, walang kinikilala kahit kadugo
   b. nalaman ng kainiyang anak ang sikreto niya
   c. walang galang sa magulang ang kaniyang anak
   d. ang anak ni Liongo ang nakapatay sa kaniya

3. Ano ang damdaming nagingibabaw nang ipahayag ng Mongheng Mohametano ang ganito, "Sabihin mo sa kaniya, ang hari ay nilikha para sa kagalingan ng kaniyang nilikha at hindi nilikha ang mamamayan upang paglingkuran ang sultan"?
   a. kalungkutan b. kasiyahan c. kapighatian d. katapangan

4. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng katangian ng isang mitolohiya bilang isang akdang pampanitikan?
   a. Si Sarah at ang kaniyang anak ay lumilipad sa bakuran, sa mga kahoy, sa mga nagtataasang puno nang hindi sila nakikita maging ng tagapagbantay.
   b. Nagtatrabaho siya sa palayan mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito.

c. Ang nagbabantay sa kanila ay nakasakay sa likod ng kabayo at itinuturo ang mga aliping mabagal magtrabaho.
d. Ang bata ay umiyak nang umiyak nang siya'y magutom

5. Bakit tinaguriang alamat ng sining sa pagkukuwento si Mullah Nassreddin?
   a. sapagkat marami siyang nalalamang kuwento
   b. sapagkat masining niyang inilalahad ang kaniyang mga kuwento
   c. dahil siya ay mapagbiro at puno ng katatawanang estilo sa pagsulat.
   d. dahil siya ay madalas maimbitahan sa mga pagtitipon at talumpatian

6. Ano ang nais iparating ng Mongheng Mohametano sa mga namumuno sa ating lipunan sa kasalukuyan?
   a. Sila ay iniluklok hindi upang paglingkuran kundi sila ang nararapat na maglingkod sa lipunan.
   b. Sila ay pinili upang ipakita ang kanilang mataas na naabot sa buhay at impluwensiya sa lipunan.
   c. Sila ay iniluklok sa puwesto upang maipamalas ang katangian at kapangyarihan ng isang pinuno.
   d. Sila ay pinili upang ipamalas ang kaparusahan sa mga taong lumalabag sa umiiral na batas ng tao.

7. Sa iyong palagay, ano ang damdaming nangingibabaw sa may – akda batay sa paraan ng kaniyang pagsulat ng anekdotang "Mullah Nassreddin"?
   a. Siya ay palabiro at masayahing tao. c. Siya ay misteryosong tao.
   b. Siya ay may itinatagong lungkot. d. Siya ay punom-puno ng inspirasiyon.

8. Ang kahulugan ng salitang "pumuslit" na mula sa salitang-ugat na puslit ay ________.
   a. umalis nang walang paalam b. nagtago c. lumayas d. namasyal

## II. Pagtataya para sa Pamantayang Pagganap (12 puntos)

**Panuto:** Bumuo ng tula na maaaring gamitin sa *Spoken Word Poetry*. Ang tatlong saknong na tulang ito ay tungkol sa mga mensahe at paksa na nais iparating ng akdang "Liongo". (kahinaan at kalakasang taglay ng tauhan, pagtatagumpay at pagtataksil)

| | | | |
|---|---|---|---|
| Rubrik: | a. Malikhaing pagbuo ng tula | ---- | 5 puntos |
| | b. Tematikong Nilalaman | ---- | 5 puntos |
| | c. Mensahe at Kakintalan sa mambabasa | ---- | 2 puntos |
| | Kabuuan: | | 12 puntos |